

## Canada Education Savings Grant



# MAKAKUHA NG PERA NGAYON

## PARA SA EDUKASYON NG IYONG ANAK PAGKATAPOS NG HIGH SCHOOL

Government of Canada
Gouvernement du Canada

Canada

LC-009-03-05



## ANO ANG CANADA EDUCATION SAVINGS GRANT?

- Ang Canada Education Savings Grant (CESG) ay isang grant mula sa Gubyerno ng Canada para sa edukasyon ng iyong anak pagkatapos ng high school.
- Para sa **bawat dolyar** na iniipon mo sa Registered Education Savings Plan (RESP) ng iyong anak, maaaring **magdagdag** ang Canada Education Savings Grant ng hanggang **40 cents**.
- Magagamit ng iyong anak ang pera para sa full-time o part-time na pag-aaral sa isang apprenticeship program, trade school, CEGEP, kolehiyo, o unibersidad.
- Mahigit sa dalawang milyong mga bata ang nagbenepisyo na sa programang ito.



## SINO ANG NAKAKAKUHA NG CANADA EDUCATION SAVINGS GRANT?

- Ang bawat bata na hanggang 17 taong gulang ay kwalipikadong tumanggap ng Canada Education Savings Grant.

## PAANO KO MAKUKUHA ANG CANADA EDUCATION SAVINGS GRANT?

- Kailangan mong magbukas ng isang **Registered Education Savings Plan (RESP)**. Magagawa mo ito sa isang pinansiyal na institusyon, tulad ng isang bangko o isang credit union, o sa tulong din ng isang group plan dealer, o isang certified financial planner.




- Dapat kang kumuha ng **isang sertipiko ng kapanganakan para sa iyong anak** mula sa gubyerno ng iyong probinsiya o teritoryo.
- Dapat ka ring kumuha ng isang **Social Insurance Number (SIN) para sa iyong anak** mula sa Gubyerno ng Canada. Walang bayad para sa isang Social Insurance Number. Ang sinuman, kahit na sanggol, ay maaaring makakuha nito.
- Ang Canada Education Saving Grant ay tuwirang idedeposito sa RESP ng iyong anak.

## ANO ANG RESP?

- Ang RESP ay isang espesyal na savings account upang matulungan ka, ang iyong pamilya, o ang iyong mga kaibigan na mag-ipon para sa edukasyon ng iyong anak pagkatapos ng high school.
- Ang pera sa RESP ay ipupuhunan upang ito ay lumago at makakuha ng interest.
- Walang buwis sa interest, at karaniwang makukuha ng iyong anak ang pera nang walang buwis.

## MAGKANO ANG DAPAT KONG ILAGAY SA RESP?

- Gaano man kaunti ang naipon mo sa RESP ng iyong anak, babayaran pa rin ng Government of Canada ang Canada Education Savings Grant.
- Ikaw, ang iyong pamilya, o mga kaibigan, ay maaaring maglagay ng pera sa RESP ng iyong anak tuwing gusto mo, at maaari kang mag-ipon ng malaki o maliit mang halaga.
- Kahit na $5 bawat linggo ay maaaring lumaki nang mabilis, lalo na kapag ang Canada Education Savings Grant ay idinaragdag sa iyong mga inipon.
- Kapag mas maaga kang nagsimula na mag-ipon, mas lalaki ang iyong mga inipon!



## MAGKANO ANG BABAYARAN UPANG MAGBUKAS NG ISANG RESP?

- Sa ilang mga institusyon, maaari kang magbukas ng RESP account nang libre. Sa iba naman, maaaring may mga babayaran.
- Humingi ng payô upang humanap ng RESP na nababagay sa iyong mga pangangailangan.

## GAANO KALAKI ANG MAAARI KONG MAKUHANG CANADA EDUCATION SAVINGS GRANT?

- Kung ang iyong netong kita ng pamilya ay wala pang $35,595,* bibigyan ka ng Canada Education Savings Grant ng 40 cents para sa bawat dolyar sa unang $500 na maiipon mo sa RESP ng iyong anak.
- Kung ang iyong netong kita ng pamilya ay wala pang $71,190,* bibigyan ka ng Canada Education Savings Grant ng 30 cents para sa bawat dolyar sa unang $500 na maiipon mo sa RESP ng iyong anak.
- Kung ang iyong netong kita ng pamilya ay higit sa $71,190,* bibigyan ka ng Canada Education Savings Grant ng 20 cents para sa bawat dolyar sa unang $500 na maiipon mo sa RESP ng iyong anak.

Anuman ang netong kita ng iyong pamilya, kung ang iyong naipon ay higit sa $500, bibigyan ka ng Canada Education Savings Grant ng 20 cents para sa bawat ekstrang dolyar, hanggang sa $2000.

** Ang dolyar na halaga na ito ay isinasapanahon bawat taon.*

## ANO ANG PINAKAMALAKING CANADA EDUCATION SAVINGS GRANT NA MAAARI KONG MAKUHA?

- $500 bawat taon; at
- $7,200 bawat habang buhay.

## PAANO KUNG HINDI KO KAYANG MAG-IPON PARA SA EDUKASYON NG AKING ANAK SA KASALUKUYANG PANAHON?

- Kahit na ang maliit na halaga ay maaaring gumawa ng pagkakaiba kapag idinagdag ang Canada Education Saving Grant. At ang pera ay kikita ng interest sa katagalan ng panahon.

- Maaaring kwalipikado ka rin para sa isang $500 Canada Learning Bond:

  – Kung ang iyong anak ay ipinanganak pagkatapos ng ika-31 ng Disyembre 2003, **at**

  – Kung nakukuha mo ang National Child Benefit Supplement bilang bahagi ng Canada Child Tax Benefit (minsan tinatawag na family allowance o baby bonus payment). Ito'y karaniwang umaaplay sa mga pamilya na ang netong kita ng pamilya ay wala pang $35,595.


- Makakakuha ka rin ng karagdagang $100 bawat taon ng hanggang 15 taon, basta patuloy kang tumatanggap ng National Child Benefit Supplement.

- Hindi mo kailangang magkontribusyon ng anumang halaga mula sa iyong sariling pera upang makuha ang Canada Learning Bond. Ang kailangan mo lamang gawin ay ang magbukas ng RESP at idedeposito ng Gubyerno ng Canada ang pera sa RESP account ng iyong anak.

## ANO ANG MANGYAYARI KUNG HINDI IPINAGPATULOY NG AKING ANAK ANG EDUKASYON PAGKATAPOS NG HIGH SCHOOL?

- **Ang RESP ay maaaring manatiling bukas ng hanggang 26 taon**, kaya kung hindi ipinagpatuloy kaagad ng iyong anak ang pag-aaral pagkatapos ng high school, ang pera ay maaaring gamitin kung nagpasiya siyang mag-aral sa ibang panahon.





- Kung ang pera ay hindi ginamit 26 taon pagkatapos buksan ang RESP, **ang halaga na inipon mo ay babalik sa iyo,** at ang Canada Education Savings Grant ay maaaring gamitin para sa edukasyon ng ibang bata. Ang Canada Learning Bond ay isasauli sa Gubyerno ng Canada.

## PAANO AKO MAKAKAKUHA NG TULONG O KARAGDAGANG IMPORMASYON?

- Tumawag nang libre sa **1 800 O-CANADA (1 800 622-6232)** para sa mga libreng polyeto tungkol sa **Canada Learning Bond** at **Registered Education Savings Plans**.

- Kung gumagamit ka ng **TTY**, tumawag sa **1 800 926-9105**.

- Tingnan sa Internet sa **www.hrsdc.gc.ca** at magklik sa *Training and Learning*.

Ang publikasyong ito ay makukuha sa iba't-ibang uri (nilimbag sa malalaking titik, audio cassette, braille at diskette) sa Ingles at Pranses.

Tumawag sa **1 866 386-9624** (nang libre) gamit ang isang touch-tone na telepono.

Maaari kang mag-order ng mga karagdagang kopya ng publikasyong ito (ibigay lamang ang departmental catalogue number na **LC-009-03-05**) mula sa:

**Enquiries Centre**
**Human Resources and Skills Development Canada**

140 Promenade du Portage
Phase IV, Level 0
Gatineau, Quebec
K1A 0J9

Fax: (819) 953-7260

E-mail: publications@hrsdc.gc.ca

*Ang takip na pahina at mga retrato sa pahina 4 ay mula sa Burch Photographics.*

© Her Majesty the Queen in Right of Canada 2005
Cat. No.: **HS28-21/2005**
ISBN: **0-662-68859-7**

Nilimbag sa Canada